# CHAPTER 12

Chloe's POV;

Dahan dahan akong bumaba sa sasakyan ko at nanghihinang pumasok sa loob... Kabado ako at hindi ko alam kung ano ang mukang kaihaharap ko sakanila

Pag bukas pa lang ng pintuan ay nakita ko na sa sala si daddy at mommy at seryosong seryosong nakatingin sakin si dad at halos man lambot ang tuhod ko ng makita ang awa sa muka ni mom

"Sit down marami tayong pag uusapan" seryosong sabi ni dad kaya agad akong umupo sa tapat nila ni mom

Nilibot ni dad ang paningin nya sa katawan ko at kusa na lang din akong napayuko dahil mukang mag aaway na naman kami ni dad

May benda pa ako sa paa at nilagyan ako ng benda sa bandang siko ko at ramdam ko ang hapdi sa pisngi ko, at ramdam ko din ang p*******t ng likod ko dahil ilang beses akong nabagsak kanina

"Nag kulang ba kami sayo ng mommy mo ha?!" halos pasigaw na tanong ni dad kaya napapikit ako ng mariin at di nag salita

"Ilang beses ka na naming sinabihan tungkol sa ganyang ugali mo chloe! kulang paba yon?!" ramdam ko ang kirot sa puso ko

Rinig kong pinapakalma ni mom si dad pero alam kong sa sitwasyon ngayon ay imposibleng kumalma pa ito... May isa din akong dahilan kaya ako umalis sa dati kong school at kaya din kami pinag hiwalay ni clyde, hindi ko alam pero lapitin ako ng g**o at away kaya hindi ko din maiwasan

"Ibang iba ang ugali mo sa kambal mo! patagal ng patagal lumalala ang pagiging pasagulera mo! I'm so dissappointed with you chloe! akala ko nag bago kana" sigaw ni dad at hindi ko na napigilan ang mga luha kong tumulo ng sunod sunod at humarap kay dad dahil ang bigat sa loob ko at ang sakit sakit

"Pero dad hindi ako yung nag simula... Bakit ba sa tuwing malalaman nyo na may g**o na naman akong pinasok akala nyo ako na lang lagi ang may mali? ni minsan ba inisip nyong pinoprotektahan ko lang yung sarili ko? it really hurts dad when you compared me to him, but it's true we're so different dad so don't expect too much on me!" may halong galit at lungkot sa boses ko pero akala ko enough na ang reason ko

"I can't believe this... Pinalaki ka namin kayo ng kambal mo ng maayos! sayang ang talino mo kung ganyan lang din ang inaasta mo! yan ba ang natutunan mo sa school chloe?! ang pag sagot sa magulang?!" halos mangilid ang luha ni dad sa galit, si mom naman ay agad na inawat si dad

"Babe please!! calm down anak pa rin natin yan... Go to your room chloe i'll talk to your dad" awang awang sabi ni mom

Kahit hirap ay pinilit ko pa ding tumayo at nag pahid ng luha tyaka tumingin kila dad

"I'm sorry if i'm not good enough dad, this is who i am and i can't change it anymore Goodnight" sabi ko at mabilis na umakyat sa kwarto

Pag sara ko pa lang ng pintuan ay nag uunahan ng tumulo ang mga luha ko at tumakbo ako tyaka padapang humiga sa kama at binaon ang muka ko sa unan, doon ko inilabas lahat ng luha at sakit na nararamdaman ko

I feel so empty, feeling ko wala na akong kakampi, feeling ko hindi nako belong sa family nato, pero bakit hindi nila ako maintindihan?!

Hinayaan ko ang sarili kong umiyak hanggang sa makatulog ako pero may galit at sakit pa rin ang namumuo sa puso ko

*Kinabukasan*

*Tokkkkk!!!*Tokkkkk!!!*

Rinig kong unti unting bumukas ang pintuan ko at sumara... Sa bawat hakbang ay nangangamba ako na baka masaktan na naman ako

"Goodmorning anak" rinig kong bati ni mom habang hinihimas ang buhok ko

Unti unti kong dinilat ang mga mata ko at kita ko ang saya sa muka ni mom at ramdam ko ang pag lalambing nya

"Feel good?" ngiting tanong nya

"Not so sure mom" pilit na ngiti kong sagot at umupo para makaharap sya

"Kinausap ko na ang daddy mo pero alam mo naman yun pag galit galit talaga... But don't worry lilipas din yun alam mo naman na dika matitiis non" ngiti ni mom pero kita ko ang lungkot sa mga mata nya

"I understand... Hindi ko naman sya masisisi mom" sabi ko at ngumiti ng pilit

"That's my bad girl princess" sabi ni mom habang nakangiti at kinindatan pako kaya napatawa ako

Hindi rin nag tagal ay ginawa ko na ang morning routine ko at sinoot na ang hindi komportableng uniform, pag baba ko ay nakita kong naka upo si daddy sa dining area kaya umupo ako sa harap nya... Inaantay kong tignan nya ako pero hindi nangyari ngumiti ako ng pilit kay mom tyaka tumayo

"I'm not hungry mom, alis napo ako" sabi ko at kumaway na lang tyaka lumabas at dumeretsyo aa garahe

Napapikit ako ng maalala kong may gasgas pa pala ang kotse ko kaya no choice ako kundi gamitin ang Big bike ko... hindi ko na inisip na nakapalda pala ako, kinuha ko ang helmet na nakatabi doon at sinoot na yun

Inistart ko ang motor tyaka agad na umalis, dahil nakamotor nga ako ay mabilis akong nakarating sa school, pangalawang beses ko pa lang nagagamit ang motor na ito since niregalo sakin to ni tito kevin

Pag pasok ko pa lang ng campus ay kabi-kabila na ang mga bulungan at tingin saakin ng masama

"Masyadong malaking g**o ang pinasok nya"

"Masyado syang nag pabida"

"Pati ba naman si sunshine na sobrang bait sinaktan nya"

"Dapat lang sakanya na saktan"

"Hindi na sya dapat dito mag aral dudumihan lang nya ang pangalan ng school natin"

Yan ang ilan sa mga bulungan na narinig ko, hindi ko sila pinansin at agad na dumeretsyo sa room, medyo maaga pa ako pero nandoon na sila kurt at ang tatlo kong kaibigan

"Chloe are you okay?" alalang tanong ni keila

Ngumiti ako sakanya at tumango bago umupo sa upuan ko at ngayon katabi ko na si kurt na mukang alalang alala pero ramdam nya na wala ako sa mood para makipag usap

Hinayaan lang nila akong tahimik kaya mas naging madali sakin kumalma... Ilang sandali pa ay dumating na din si Ms. Fajardo pero napansin kong wala dun ang F4

"Ms. Scott, pumunta ka sa D.O." sabi ni ms. At dahil expect ko na ito ay agad na akong dumeretsyo don.. Hindi ko na pinansin pa ang mga bulungan sa gilid ko

Nang makarating ako sa deans oce ay bumungad na doon ang F4 at may kasama silang mga kasing edad nila mom at syempre si dean

"Sit down" sabi ni dean at umupo ako sa harap ng parents na ito at mukang parents ito si sunshine

"Anong kasalanan ng anak ko sayo at nadawit pa sya sa g**o nyo?!" galit na tanong ng mommy ni shine

Hindi ako sumagot at tumingin lang sa iba hanggang sa mapadaan ang tingin ko kay lucas, nakatingin lang sya sakin na parang hindi nya ako kilala at doon ko naramdaman ang kakaibang kirot sa puso ko, nalipat naman ang tingin ko kay damon na galit na galit ang tingin

Pinakwento sakin lahat ni dean ang mga nangyari at hindi namin naiwasang nag ka sagutan ni damon, nakausap naman ni dean ang parents ni shine at sabi nila ay papalampasin nila ang ginawa ko pero kapag naulit pa daw ay mapapatalsik na ako sa M.U.

"Once na naulit pa ito Ms. Scott wala akong magagawa kundi paalisin ka sa school na ito" seryosong sabi ni dean

Naiwan na lang kaming dalawa ni dean at ang F4, Nag tamo daw ng minor head injury si shine at nakahinga naman ako ng maluwag ng malaman yun

Ilang sandali pa ay lumabas na din kami, dumeretsyo ako sa garden kung saan doon ako lagi tumatambay... Pero sa di ko inaasahan ay may naabutan ako doon

"Lucas.." tawag ko at agad naman syang napatingin sakin

Nag iwas sya ng tingin tyaka akmang lalagpasan ako pero pinigilan ko lang sya

"Bakit ba iniiwasan mo ako?" takang tanong ko

"I don't want to talk about it chloe" sabi nya at akmang aalis ulit pero pinigilan ko ulit sya

"Lucas ano ba? why don't you tell me? bakit ba iniiwasan mo ako?" tanong ko

"I said i don't want to talk about it... Mahirap bang intindihin yun? just let me go" sabi nya at umalis

Naiwan naman akong nakatulala at ito na naman ang parang pinipiga ang puso ko

I can nally say na nahulog na ako kay lucas... But it's too late

'Ganito pala kasakit maiwan? f^ck sana hindi ko na lang hinayaang maging magaan ang loob ko sakanya'

Wala na akong sinayang na oras kaya patakas akong umalis sa school at dumeretsyo sa Red dwarft bar medyo malayo layo din ito kaya mas okay

Papasok na sana ako ng harangin ako ng guard

"Ms. Ilang taon kana? 18 pataas lang ang pwedeng makapasok sa bar na to" sabi nya pero sinamaan ko sya ng tingin

"Kilala ko ang may ari ng bar na ito... It's tito richard's bar baka gusto mong matanggal ngayon" pananakot ko kaya walang ano ano'y pumasok agad ako

"What's your order ms.?" tanong sakin ng waitress

"Anything basta hard drink" sabi ko at mukang nagulat pa ito pero tinaasan ko lang sya ng kilay kaya sumunod din

This is the rst time na iinon ako ng hard drink at rst time kong pumunta sa bar ng mag isa... Walang masyadong tao kaya mas peaceful ang utak ko

"It's y-your order ma'am" sabi ng waitress at parang nag aalinlangan pa itong ibigay sakin

Halos 5 maliit na bote at iba't ibang klase ang binigay sakin... Hindi ko alam ang mga pangalan nito pero ininom ko

Ramdam ko ang mainit na pag hagod ng alak sa lalamunan ko hanggang sa tyan ko... Inalala ko ang lahat ng sakit na nararamdaman ko

At dahil medyo maingay ang tumutugtog ay hindi nila ako maririnig

Sunod sunod ang pag tulo ng luha ko ng maalala ang inasta ni lucas sakin... Hindi ko alam kung matatawag na ba yon na broken pero sobrang sakit

Ang daming tanong sa isip ko na hindi ko masagot... Ang tanging nararamdaman ko ay sakit at galit, hindi ko alam kung bakit nag kakaganto na ako, hindi ko na rin kilala ang sarili ko

I really miss my twin, wala na akong kakampi, wala na akong makakasama i feel so empty

Nakaka tatlong bote na ako at ramdam ko ang tama nito sa akin unti unti akong nahilo kasabay pa non ang pag iyak ko kaya sumasakit na din ang ulo ko

Pero bago pa ako mapikit at ramdam ko ang pag bavibrate ng phone ko kaya tinignan ko iyon

*Lucas Calling*

Agad na tumulo ulit ang luha ko dahil sa sakit, at maluha luhang pinatay ang tawag

"Hinding hindi nyo na ako masasaktan!!!" sigaw ko at wala akong pake kung sino na ang mga nakatingin sakin ngayon

Sumandal ako at ipinikit ang mata ko... Ramdam ko ang pagod sa sistema ko, pero bago pa ulit ako makatulog ay nag vibrate ulit ang phone ko pero hindi ko na yon tinignan at agad na sinagot

"Lucas pwede ba!! tigilan mo na ako!!" sigaw ko na mangiyak ngiyak pa

"D@mn!! where are you chloe!!!?" tanong nya pero iba ang boses kaya napatingin ako sa screen at mas lalo akong naiyak

"I'm here in red dwarft bar dito sa Q.C. I need you now please" mangiyak ngiyak na sabi ko at rinig ko ang pag mumura nya sa kabilang linya

"I'm on my way, wag na wag ka ng aalis ng hindi mo ako kasama" alalang sabi nya

"I'll wait for you... Take care kurt" sabi ko at muling tumulo ang luha ko sabay lagok ng pag huling bote

Inistraight ko yon at napapikit ako ng mariin ng malasahan ko ulit ang pait

"Stop drinking chloe and wait for me i'll take you home" sabi nya at hindi na ako sinagot tyaka ko pinatay ang tawag

Tuluyan ko ng isinandal ang ulo ko at pumikit...

"I'll never let them hurt me again..." sabi ko at unti unti ng nakatulog

**********

KEEP READING( ｡♡‿♡ ｡ )